PAMPUBLIKONG TULONG SA MGA IMIGRANTENG WALANG DOKUMENTONG LEGAL

ICIRR
Illinois Coalition for Immigrant and Refugee Rights

Ako ay imigranteng walang dokumentong legal, anong pampublikong benepisyo ang maari kong matanggap?

Kung ikaw ay imigranteng walang dokumentong legal, maari kang tumanggap ng mga sumusunod na benepisyo .

Medikal
- Emerhensiyang "Medicaid"
- Pangangalaga sa mga buntis o nagdadalantao.
- Immunisasyon, pangkatawang pagsusuri at paggamot sa mga sintomas ng mga nakahahawang sakit.

PAGKAIN
- Karagdagan at masustansyang pagkain para sa mga buntis, mga sanggol at mga bata (WIC).
- Almusal at pananghaliang programa sa paaralan para sa mga bata.

EDUKASYON
- K-12 na edukasyon
- Panimulang pag-aaral

AT IBA PA, tulad ng
- Mga benepisyong hatid sa komunidad na di binibigyang pansin ang kita, nakaranas ng karahasan sa tahanan, pangkaisipang kalusugan, tulong o saklolo para sa naaabuso,
  pansamantalang tirahan ng walang matirhan, "soup kitchen" at lagakan ng mga pagkain.

TANDAAN: Maaari kang humiling ng mga pampublikong benepisyo para sa iyong anak na mamamayan, o hindi "citizen" ngunit may karapatang legal.

Ang pagpapatala ba sa anumang pangkalusugang programa ay maglalagay panganib sa aking aplikasyon na maging permanenteng residente o mamamayan?

- HINDI. Noong Mayo 1999, inilathala ng INS na hindi nila tatanggihan ang aplikasyon para maging permanenteng residente ng sinumang tumatanggap ng benepisyong hindi pera na kung saan ikaw ay elihible o may karapatang tumanggap.
- Kung hindi ka nagkasala ng pandaraya, ang serbisyo imigrasyon ay hindi makapagdedemanda na magbayad ka sa pampublikong tulong na tinanggap mo bago matamo ang pagiging legal na permanenteng residente.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa :

1. ICIRR, telepono (312) 332-7360; fax (312) 332-7044; email: info@icirr.org
2. Alliance of Filipinos for Immigrant Rights and Empowerment 773-580-1025
   email: afire@afirechicago.org